




# MARCELO H. DEL PILAR

---

Ni Mariano Ponce





**MARCELO H. DEL PILAR**

BLANGKO ANG PAHINANG ITO.



# MARCELO H. DEL PILAR

Ni Mariano Ponce



2022

## AKLAT PLARIDELINA 1

**Marcelo H. del Pilar** ni Mariano Ponce  
Karapatang-sipi © 2022 ni Perfecto T. Martin

HINDI IPINAGBIBILI. Magagamit nang libre ang libro sa mga pag-aaral at pagtuturo ng búhay at mga akda ni Marcelo H. del Pilar sa Araling Panlipunan, Kasaysayan, at mga kaugnay na asignatura.

PASASALAMAT kina Jaime A. FlorCruz na nag-iingat ng kompletong koleksiyon ng pahayagang *Plaridel*; Virgilio S. Almario, Pambansang Alagad ng Sining, sa payo at suhestiyon; Alma C. Miclat sa pagpapahiram ng kopya ng *La Solidaridad* (Español at Ingles); at Angela de Castro sa disenyo ng sagsig ng Plaridelina.

PAGKILALA sa tulong at pagpapalakas-loob ng mga sumusunod: Digital Collection ng Miguel Benavidez Library ng Unibersidad ng Santo Tomas; Museo ni Marcelo H. del Pilar ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (NHCP); SHINE Bulacan (Sustainable Heritage Imbibing Nationalism through Education); Panlalawigang Tanggapan sa Kasaysayan, Sining, Kultura, at Turismo (PHACTO); Bahay Saliksikan ng Bulacan ng Bulacan State University; at KABESERA Samahang Pangkalinangan ng Bulakan.

## PATNUGUTANG PLARIDELINA

Adelfa P. de la Fuente, Dee Anne Katrine Tampuz, *mga kawaksi*  
Edilberto D. Larin, Jr., Alexander E. Aguinaldo, *mga kasangguni*  
Mervin Concepcion Vergara, *punò sa sining at disenyo*  
Perfecto T. Martin, *punong patnugot*

Ipagkakaloob ng Plaridelina ang ISBN at CIP Data kung hihilingin.

## BAGO BASAHIN

Ang mga talang ito ni Mariano Ponce (sa orihinal na Español at salin sa Tagalog) ang isa sa mga unang nasulat tungkol sa buhay ni Marcelo H. del Pilar. Galing ito sa pahayagang *Plaridel* (30 Agosto, 2 Setyembre, at 5 Setyembre 1908).

Ayon sa patnugot ng pasulatan, “malaking bahagi ng lathalang ito'y nahayag sa *El Renacimiento* ng ika-3 ng Hulyo ng 1903, ngunit panibagong inilathala ngayong muling nasiyasat at napunan ng may-gawang si G. M. Ponce, ayon sa katutubong salining ibinigay kay G. Epifanio de los Santos na siyang nagmamagandang loob naman sa amin upang malathala nga”.

Si Ponce ang unang naglista ng lahat ng akdang sinulat ni Del Pilar sa tinawag na *Bibliografia Plaridelina* at inilathala nang buo sa bersiyong Español ng *Plaridel*. Mababasa ang bibliografia sa talambuhay na isinulat ni Epifanio de los Santos (Español, Tagalog, at Ingles) sa seryeng Aklat Plaridelina. Hindi matiyak kung nalathala ito bilang hiwalay na publikasyon sa Kowloon, Hongkong.

Sa kanyang librong *The Propaganda Movement 1880-1895*, ito ang sinabi si John N. Schumacher, S.J. sa kanyang panimulang tala sa kabanatang “Marcelo H. del Pilar and Nationalist Activity in the Philippines, 1887-1888”:

“Pangunahing manunulat ng talambuhay ni Del Pilar si Epifanio de los Santos Cristobal, isang kahenerasyong mas nakababata, na nabasa ang marami sa kanyang mga liham, katuwang si Mariano Ponce, isang alagad ni Del Pilar at nakasama nang matagal sa España. Ang unang talambuhay [Español at Tagalog] na sinulat ni De los Santos ay lumabas sa peryodikong *Plaridel* sa Malolos, Bulacan noong 1907, sa isang hindi regular na serye ng paglalathala mula 1 Enero hanggang 31 Agosto, na may pamagat na “Marcelo H. del Pilar”.

Muling nalathala ang talambuhay [sa Español] sa *Philippine Review* [*Revista Filipina*], III (1918), 775-803, 861-885, 947-975. Sa talambuhay sa Tagalog na sinulat ni Jose P. Santos, *Buhay at mga Sinulat ni Plaridel* (Maynila: Palimbag ng Dalaga, 1931), kaunti na lamang ang mababasa na wala sa sinulat ng kanyang ama, maliban sa mga liham ni Del Pilar sa kanyang asawa. Mahalaga ang mga sulat na ito na nailathala na rin kabilang ang iba pang mga naitagong liham ni Del Pilar, sa *Epistolario de Marcelo H. del Pilar*.

Sa mga talambuhay nina Mariano Ponce at Epifanio de los Santos nanggaling ang maraming salaysay at impormasyong mababasa sa mga sumunod na manunulat ng talambuhay ng ating dakilang Marcelo H. del Pilar.

**PLARIDEL**  
Bulwagang Makabawa buwan hineh Lalawigang Miercoles at Sabado

**SAKARAWAN NG BAYANI**

**KAY M. H. DEL PILAR**

**ANG PASULATAN**

**Ang huling araw**

**SAKARAWAN NG BAYANI**

**PLARIDEL**

**Monturas**

**INTERNATIONAL STUDIO**

**S**a araw na ikalalathala ng mga talatang ito, ika-4 ng Hulyo, ay magagampan ang pitong taong buhay na kailanman'y hindi matatangisan ng sapat na pagkamatay ng magiting na makabayang Filipino na si Marcelo H. del Pilar at Gatmaitan.

Sa mga mapighating sandali na gaya ng kasalukuyan na itinatangis ng lahat ang pagkapalungi ng isang gunitang kagiliw-giliw na iniwi ng mahabang panahon ay nararanasan ang pangangailangang papanauliin sa isip, kung minsan'y ang ulat ng paghahamok, kung minsan nama'y ang alaala niyaong sa kasilakbuhan ng pagpipiyapis ay napiilan sa piling natin, hindi lamang upang umaliw sa atin na lakip ang pagwawaksi ng paningin sa kasalukuyang kahapisan, kung di upang kumita sa gayong mga pangyayari't sa gayong mga gunitain, ng makabubuting aralin.

Si Plaridel ay hindi nakipaghamok sa gitna ng mga parang ng digmaan, dili nagputong sa kanyang noo, ng pagtagumpay sa paggiik ng putik na tinigmak ng dugo ng tao. Sa iniba't iba ng ayos na pinapasukan kailan ng mga himagsikan, ay napalaran niya ang isang panahong bukod na kaiba. At siya'y naging balisaksakang tagatalad sa gitna ng nagbabagang larangan ng politika. Ang panitik at pangungusap, hindi ang tabak at baril, ay siyang sinandata niya nang buong kasanayan at kaayusang gayon na lamang, kung kaya't ang tunay man niyang mga kaaway sa kabilang ipagtanim siya, ay nangaukol pa sa kanya ng paunlak at pamitagang mga pangungusap.

Hindi lamang nararapat sa kapurihan ang magsasakang bumubungkal ng bukid, dumidilig nito sa pamamagitan ng kanyang pawis at nakikipaglaban sa mga kasasalan ng panahon at ng araw at ulan upang huwag masayang ang binhing isinabog sa tudling; yaon man naman lumawag ng gubat, kumaingin at nagpabuti ay hindi mahuhuli sa pagkamarapat sa gayong paunlak. Gayon din naman, si Del Pilar ay hindi malalamangan sa pagtatamo ng karapatan sa ating pagkilalang loob at paghanga kung dahil lamang sa di pakikihamok sa mga araw na ito na ang labana'y nag-angkin ng lalong init at naging madugo. Hindi maipagkakait ng may-matuwid na ang mapayapang himagsikang yaon ay siyang naggayak ng daan sa himagsikang nananandata.

Datapwat ang pakikipaghamok na pinangatawanan ni Del Pilar ay hindi huhuli sa pagkamasigalot at sa pagkalantad sa mga panganib. Yao'y isang pakikihamok na nangangailangan ng malaking katamanan, talino't katiningang loob, ng malaking tapang at katusuhan, ng malaking naghahawak sa sarili, at ng malaking pagkakilala sa puso ng tao.

Upang matarok ang malaking pakikilahok na tinungkol ni Del Pilar sa gayong mga pangyayari, ay kinailangang sariwaing buong-buo ang gunita ng nakaraang kalagayan.

Niyao'y panahong ipinaghahari ng lalong pinakakalait-lait sa mga panglulupig [*despotismo*], panlulupig ng pamahalaang-pari na nasakamay ng nag-iisang kapangyarihang walang panimbang, na halos wala nang sinusunod liban sa kanyang maibigan, sa kanyang pita't sa kanyang simbuyo ng loob. Sa *frailocracia* (ang pamamayani ng mga fraile)—gaya nga ng bansag ni Del Pilar—ay naitatali niyaon ang lahat: ang mga pamahalaan, ang mga mag-anak, ang mga kayamamang sarili't ng bayan, ang mga budhi, ang mga kalooban, ang mga pag-iiisip, ang mga buhay, at ang mga puri. Kung walang dahong gumagalaw ng hindi sa kalooban ni Bathala, ay wala rin namang Filipinong kumikilos ng di sa kalooban ng fraile.

At maraming salin-saling angkan ang nangabuhay at naghali-halili sa ilalim ng gayong makamandag at makainis na kabuhayan.

Kapanabay ng huling ikatlong bahagi ng siglo XIX at bilang alingawngaw niyaong hanging makamalaya [*liberal*] na sumimoy sa Europa’t America, hanging sa kanyang bisa, ang EspaÑang kabig ng pagpapatas-patas ay nakapagpalunsad kay Isabel II sa luklukang-hari at nilit sa kanyang lumuwal sa(?) hanggahan (ng España); si Garibaldi’y nagtataug ng Pagkakaisang-Italia at tumubos dito sa kapangyarihang-hari ng Papa; si Benito Juarez ay nagsabarin sa Quaretaro kay Maximiliano at nagbangong muli ng Republica Mexicana; si Lincoln ay tumubos sa mga napapaalipin sa pamamagitan ng digmaang-bayan sa Norte America, at si Chiers(?) ay nagtayo ng Republica Francesa sa ibabaw ng pinaggihuuan ng imperio [ng mga Napoleon] at ng digmaang Frances at Aleman; bilang alingawngaw, ang mauulit ko, ng lahat ng mga pangyayaring ito, ay nagsimula sa Filipinas ang isang pagtutol laban sa mga kabuktutan ng makapangyarihan, baga man buhat lamang sa tanawin ng clero, sa una-unahan. Sina Burgos, Gomez, at Zamora’y nanhik sa babitayan niyaong 1872 at marami ang nangagtis ng kasaklapan ng pagkapatapon. Isang masagwang pagpapalalo ng kapangyariha’t lakas ang ikinadkad ng mga fraile bilang katugunan sa patutol.

Ah, ang ibig ay sakalin sa pamamagitan ng kilabot ang gayong sigaw-nanglalaban.

Ngunit ang hihip ng hanging makamalaya’y patuloy ng pagsagila sa mga noo’t kaluluwa... at nakalipas ang dalawangpung taon, halos isang ikapat na bahagi ng isang siglo, sa gitna ng malasmasing tila katahimikan, na dili iba kung di panahon ng paghahanda at ng walang imik na pagpapahinog.

Ang sumulat ng mga talatang ito’y nakataos ni Plaridel sa palagayang pagkakaibigan at nakasalo sa dambana ng iisang adhika buhat pa nang 1880. Ako niyao’y isang nag-aaralan pa lamang sa ikalawang paturuan,

at naaalaala ko pang tila kakahapon nang nangalayong mga araw na yaon na ipinakikipaglipon ko sa ibang kabinataang nangag-aaral din, sa isang bahay sa Trozo na pinagpapalagian ni Marcelo. Doon kami nagpaparaan ng malaking bahagi ng panahong itinitira sa amin ng pag-aaral, sa gitna ng napakasarap at nakapagtuturong pakikipagsalitaan sa aming magiging mangangaral sa hinaharap. Ito'y lugod na lugod sa pagtatanim sa walang kapabakat-bakat pang pagkukuro namin ng mga bagong isipin, sa pagtatanim sa aming mga puso ng kadalisa-dalisayang pag-ibig sa kulang palad na tinubuan. Tigagal kaming nananainga sa kanya ng paghahanay ng damdamin at ng paglalagda ng pasiyang taglay ang pang-akit at pangrahuyo ng kanyang kawili-wiling pananalita, tungkol sa mga baga-bagay at pangyayari sa araw na kasalukuyan, kung dili kaya'y tungkol sa alin mang ibang suliranin. Sa napakahindihing lipunang yaon, na si Marcelo ang pinakaubod at pinakakaluluwa, ay nipot ang balak na lumagay sa wastong pagkatatag ukol sa pagtutol.

Nalalantad na nga ang mangangaral at ang masigla't tapatang tagapaghaisik. Nag-aaral siya ng buong malasakit, ng buong pagkapasubo, hindi lamang sa mga aklat kung di pati sa mga tao't sa mga bagay, at dito'y pinapaglalaro ang malakas niyang pag-iisip at ang kanyang kaloobang kasing tigas ng bakal.

Ang kanyang tinig ay may-taglay na isang lakas na makalamuyot di mahaka, na tumataos ng dahan-daha't di nararamdamang hanggang sa kaluluwa, magtaglay na isang katamisang nakapagpapaniwala't nakaaakit sa puso. Ang kanyang mga pangungusap, sa pagsunod sa ilang paghahanay ng matuwid at sa iisang walang pagkahubog na pagkilala sa mga bagay, ay gumagamit ng iba't ibang taas ng tinig, alinsunod sa sukat ng pang-unawa, ng pinag-arala't ng kanya ng pag-iisip ng nakikinig at sang-ayon sa ipahihiwatig sa kanya ng kanyang biglang pagtanaw upang kumilala sa tao. Ang pagmumukha niyang may-hugis na buháy na buháy ay sumisiglang lakip ang pagtaglay ng biyayang pagkamanghuhula; ang mata niya'y nag-aangkin ng ningning ng kaliwanagan sa pagkakita,

at yaong malapad at marangal na noo'y waring nababatbat ng sinag ng pagkahiwatig. Sa ganito ngang paraa'y iniawasak ang kalamigan ng pagwawalang bahala ng ilan, ipinapako ang liyang na pamansin ng iba, liniliwanagan ang madilim na pagkakilala nito, pinalalabasan ang isang agam-agam ni yaon at inaaki ang madla; at ang lahat ng ito'y ginagawa sa loob ng mahinhing lipunang kinikilusan niyaon ng ating tagapagkalat.

Sa mga araw na yaon ng paghahari ng kasamaan, ang lahat nang hilig na marangal at lahat nang paglantad ng mga isiping pangtubos ay natatawag na gumalaw sa dilim upang masinsay sa mga masusungit na panghihiganti; kaya nga't iilan-ilan lamang marahil ang nakahalata sa walang abog-abog na paggawa ng ating tinatangisang kaibigan.

Gayon man, alang-alang sa katausa't katiyagaang mangangaral na tinataglay ni Selong, gaya ng pangpalagayang palayaw namin sa kanya, ang saklaw ng kinikilusan nga na lubhang maliit sa una, ay naging palaki ng palaki.

Ang pagtutol upang maging mabisa ay nangangailangan ng pagkatatag. Kinulang nito ang pagtutol ng mga clero kung kaya't hindi nagbunga ng kapakanan si Selong, lakip ang pagkuha ng aralin sa ganitong pinagdaanan, ay nagtagtag ng lihim-hindi mangyayari sa ibang paraan ng kauna-unahan pangkating politico dito sa kapuluan.

Ang mga kapaita't sukot ng loob na kabuntot ng gangganitong gawain, at tanging tangi dito sa Filipinas sa ilalim ng paghahari ng panglulupig ng pamahalaang-pari ay hindi nakapaudlot sa ating tagapagkalat at nagpatuloy ng pagsulong hanggang sa mararating. Minsan, sa isang pakikipagbunggo sa paring namamahala sa Quiapo sanhi sa pag-aanak sa isang bibinyagan ay nagtiis ng tatlungpung araw na pagkapiit sa bilangguan ng Bilibid; madalas na nagilid sa pagkapatapon palibhasa'y natatakan ng tanda ng pagka-filibusterero't ng pagkakalaban ng Kastila.

At patuloy ang paglimit ng mga pamamaslang at ang pagdami ng mga napipinsalaan. Sa mga ito'y hindi lahat ang nangangahas na sumigaw ng matuwid: ang iilan-ilang gumagawa ng ganito'y mahirap pang makakita ng tagapagtanggol na makatatanggap ng pagsasanggalang sa kanila. Ang lahat halos ay nagdadaland-takot na makipagharapan sa panginoon na maya't maya'y lalong mayabang at hidhid sa magagawan ng masama.

Si Del Pilar ay isang bukod-tangi; siya kailan ma'y hindi tumanggi ng pagtatanggol sa may katuwirang kulang-palad na dumudulog sa kanya, kahit maging gaano ang lakas at magagawa ng kalaban. Sa matuwid at sa karapatan'y nagbibigay-pamimintuho ng gayon na lamang, na sa alin man sa dalawang iyan ang maging dahil ay lumalaan sa pagtitis. Ipinagsanggalang niya ang ilan sa mga nagsilagda niyaong iniharap ng mga maginoo sa maraming bayan na humingding palayasin ang mga fraile, niyaong 1888.

Nang taong ito, sanhi ang iba sa masisid na pag-uusig na ginawa sa kanya dahil sa kapangahanan niya ng pagtatanggol sa mga humining yaon (ng pagpapalayas) at sanhi ang iba sa paniniwala niya na ang España'y siyang nababagay na pook sa kanyang anyo, ay napatungo sa kahariang sinabi at dumating sa Barcelona nang unang araw ng Enero 1889, pagkaraan ng sandaling pagpapalumagak sa Hongkong at Francia.

Kailan ma'y hindi ko malilimot ang araw na yaon ng bagong taon. Nang gabing sinundan, gaya ng napagkaugalian, sa isang piging kapatid ay naglipon-lipon kaming lahat ng mga Filipinong nanahanahan niyaong sa ciudad ng mga Conde [Barcelona] upang magpahimakas sa taong natatapos at mangagbalitaan ng mga pangayaring natutungkol sa tinubuan na naganapan sa loob ng nakaraan at gayon din naroон upang sumalubong sa bagong papasok at yumari naman ng mga panibagong balak at pag-asa sa hinaharap. At sa gabing yaon, ang unang paglilipon ay nagkauri ng lalong kabuluhan palibhasa'y kátaóng ipinagdiriwang pa rin ang pagkakatatag ng samahang pinamagatang "La Solidaridad, asociacion mutual de filipinos" at sa dinami-dami ng mga liham na

binasa'y nabibilang ang dalawang makahulugang sulat ni Rizal, na ipinadala buhat sa Londres, ang isa'y sa Kapisanan at ang isa pa'y sa kalahat-lahatang mga Filipinong nakikipamayan doon. Si Rizal, masabi na nga ng bukod, ay kararaan pa lamang ng pagdalaw sa amin, nang buwang ding yaon ng Disyembre.

Ang piging ay idinaos sa bahay na tinitirahan kong kasamahan nina Graciano Lopez Jaena, Jose M. Panganiban, Ramon Riego de Dios, Damaso Ponce't Tomas Arejola at nag-uumaga na nga ng kinabukasan nang lisanin kami nina Pablo Rianzares, Galicano Apacible, Fernando Canon, Santiago Icasiano't iba pa. Kami nga'y nangabalam na lubha ng pagligpit na walang kamalay-malay na sa kinabukasa'y pupukawin kami sa pagkahimbing at maligayang masusubukan ng pagdating ng isang panauhing tapat na tapat sa aming loob.

Sa España nga namukadkad si Del Pilar ng ganap. Laya siya palibhasa doon sa pataw na tinggang dumadagan sa isip at kaluluwa, sa luwal ng makaiinis na kabuhayang gayon sa Filipinas, si Del Pilar ay lumusog ng patuluyan, at ang isip niya'y nag-ibayo ng lakas at sigla.

Ang *La Solidaridad* na sumipot sa Barcelona nang makasanbuwan siya ng kanyang pagdating, ang *La Soberania Monacal en Filipinas* na ipinalimbag nang 1888, ang *La Frailocracia* na ipinalathala nang 1889 at iba't iba pang aklat na maliliit sa wikang tagalog, na may tuloy-tuluyan at mga tula naman, ay pawang nakapagdulot sa atin ng di matatanggihan katotohanan ng káya ng kanyang isip. Sa mga dahon niyao'y natitik ang buong kasaysayang politica ng taong ibinubuhay namin, kasaysayang malinis, lipos ng gawang lalaki, at sagana sa aralin at halimbawa.

Makaraan ang ilang buwan, ng Oktubreng sumusunod, ay lumipat si Del Pilar buhat sa Barcelona tungo sa Madrid na taglay ang pahayagan, at sa hukumang bayan nga ng kaharian ay nagpakita ng panibagong sigla.

Si Rizal na gumagawa buhat sa ibang bayan at nagpapadala ng kanyang lathalin sa Barcelona ng una at sa Madrid pagkatapos, ay lumipat niyaon dito sa huling bayan at sumapiling ni Del Pilar sa pangungulo sa linalakad. Si Lopez Jaena'y nagpaiwan sa Barcelona bilang katiwala upang umakit ng pagkagawing loob at ng mga pangkating politico roon.

Hindi makasisiya sa makipot na hangganang pamamaluktutan namin ang isalaysay ang adhikang yaon na ipinagkadkad ni Marcelo H. del Pilar ng uring totoo ng politicong tuso't matalino. Inilaan naming harapin balang araw ang bagay na ito ng lawig na kinakailangan ng kanyang halaga; sa ngayo'y wala kaming magagawa liban sa magbigay ng mga pasaring na pagtukoy.

Sa mga isinulat tungkol sa politika ng ating mamamahayag ay napag-aaninaw ang taong mapagtapat at mapagtotoo na sa kaalamang dumandam ng taos at humaka ng marangal, ay may taglay na tapang sa pagsasabi ng buong iniisip at dinaramdam, kahit sang gaano man kapait at kulob makapagbigay sanhi sa mga pag-uusig at kasukalan ng loob. Pinapagsama ang pagtototo't ang politika, bagay na hindi gagayon kadali.

Sa kanyang pagkamanunulat na nakikipagtalo, ay pinakangingiluhá't kinaaalang-alanganan ng tunay man niyang mga kaaway. Ang kanyang sagisag ay ang "fortiter in re suavitet in modo". Sinasabi ang katotohanang lalong masaklap sa pamamagitan ng gawing pananalitang maayos na maayos at may-pinag-aralan; at sa lalo mang kasilakbuhan ng pagtatalo'y hindi iniwawala ang hinahon at pinapangungusap ang bait at ang ayos sa pagmamatuwid ng pananalitang kabagay: matining, maliwanag, may-taglay na lakas ng paniniwala, hubad na hubad sa mga pakungwang pangangatuwiran.

Siya'y "taong kagiliw-giliw", gaya nga ng sasabihin sa pananalitang diplomatiko. Ang kanyang tapat na pakikipagkapwa, at ang ugali niyang lantad ay siyang nakaakit ng mga pagkawiling loob sa kanya

ng sangsamaha't ng mga lupunang politiko sa Madrid, bayang pinagkaroonan niya ng maraming kaibigan. Sa kanyang mga ugat ay nananalaytay ang dugong nagiting ng mga Gat, nyaong mga Gatmaitang naghawak, sa mga panahong maluwat nang nakalipas, ng kapalaran ng Bulakan; at arál palibhasa sa kanyang amain, yaong "eskribano" at manunulang Tagalog na Alejo del Pilar, isa sa mga ilawang lalong malinaw ng kanyang panahon, at saka sa kapatid niyang panganay na si Padre Toribio na laging kataos na kaibigan at kasama sa lakarin ni Padre Burgos, at isa sa mga napatapon sa Marianas dahil sa mga pangyayari nyaong 1872, kung kaya't nagmana sa kanyang kanunuan ng ugaling marangal na ikinatangi niya tuwina.

Salamat sa mga karapatang ito at sa isang walang hunban na pagpapagod, siya, baga man salat sa magugugol, ay natutongpumukaw sa Espanya ng pagmamalasakit tungkol sa suliranng Filipino. Sa alin man panahon ng kasaysaya'y hindi napag-usapan ng lubha ang ating sangkapuluan na gaya niyaon.

At pinamalagi ang malasakit na ito at nag-ulol ng nag-ulol ng uri hanggang sa ating pagkahiwalay sa dating bayang pinapanginoon natin. Pagkaraan ng pagkaguhong pinagbuhatan ng pagkawala sa España ng mga kahuli-hulihang bayang kaniyang sakupan, ay naaalaala pa rin si Marcelo sa pangulong bayang yaon ng kaharian, at sa Parlamentong Kastila'y binabanggit pa ng mangisa-ngisang diputado ang pangalan niya, gayon din ang kay Rizal, sa pag-uusap tungkol sa Filipinas.

Kung tungkol sa pag-ibig sa tinubuan ay hindi napagpaparawayan nino man; siya ay isa sa mga nakagawa ng lalong malaking paghahandog. Nagsisimula na siya sana ng pagkakaroon ng ngalan bilang tagapagtanggol at ang kanyang tanggapan sa Bulakan, bayan niyang kinamulatan, ay nagbibigay na ng malaking kita na sa piling ng kanyang asawa at dalawang anak na babae. Dumating ang panahon ng pagtulak at nilisan ang lahat ng asawa, at anak, bahay na kinagisnan, ulayaw at

pagmamahal, humandog nang buong-buo sa layon ng kanyang tinubuan at umamin dahil dito sa mga kagipita't paghihikahos sa ibang bayan.

Ano pa nga baga ang mahigit sa ritong mahihingi sa isang tao.

Si Del Pilar ay isa sa hindi umasa sa ibang kamay kailan man ng kaginhawan nitong bayan.

Ang mga karapatan, ang mga kalayaan, ang kaginhawaha'y tinatamo ng pagpapagal, hindi ipinagmamakaamo. Sa mga tanging bagay-bagay na kinalalagyan natin, sa mga panahong yao'y nauukol na hingin, baga man, sa bayang nakapangyayari yaong lahat ng kinakailangan ng bayan at natutungkol sa kanya alang-alang sa karapatan, kahit na hindi sukat umasang kakamtan: nauukol na ihayag ang mga pagmamasagwa, kahit na napagtatalastas na hindi babayaran, nauukol na mamungkahi ng katuwiran, kulob na hindi tatamu hin. Sa ganito'y nalalantad ang pagkakait, naipapamalas sa bayan na maaaring hindi sa bayang pinapanginoon; at ang bayan, sa pagkatatap ng dapat niyang gawin ay makahahanap sa ibang panig at sa ibang paraan ng kaginhawahang itinatangi sa kanya ng bayang kinikilalang ina.

Ganyan nga, sa tuusang sabi ang nagawa ni Marcelo Hilario del Pilar at ganyan din naman ang nagawa ni Rizal.

00o

**E**n la fecha en que veran la luz estas lineas [4 Julio], habran cumplido siete años desde la muerte, nunca bastante llorada, del ilustre patriota filipino Marcelo Hilario del Pilar y Gatmaitan.

En momentos angustiosos, como los actuales, cuando todos lloran el fracaso de una idea amorosamente acariciada durante largos años, se siente la necesidad de traer a la memoria, ya detalles de la lucha, ya recuerdos de aquellos que en lo rudo de la pelea han caido en nuestro lado, tanto para con colarnos apartando la vista de las tristezas presentes como para sa car de aquellos incidentes y aquellos momentos saludables lecciones.

Plaridel no ha gladiado en los campos de batalla, ni se ha cenido en la frente el laurel, pisando el lodo humectado con sangre humana. En las diferentes fases que toman siempre las revoluciones, le ha tocado en suerte una epoca distinta, y fue un pugil nervudo en la candente arena de la politica. Fueron la pluma y la palabra, no la espada ni el fusil, las que esgrimio con tanta destreza y arte, que sus mismos enemigos derrotados, lejos de guardarle rencor, tuvieron para el palabras de elogio y respeto.

No solamente merece alabanza el labrador que ara el campo, lo fecunda con su sudor y lucha con las inclemencias del tiempo y de los elementos a fin de que no se malogre la semilla que ha echado en el surco; aquel que talo el bosque, lo roturo y lo saneo no merece menos elogios. Del mismo modo del Pilar no ha ganado menos meritos a nuestra gratitud y admiracion con no haber luchado en estos dias en que la contienda ha tomado mas calor y se ha hecho sangrienta. No se puede negar con razon que aquella revolucion pacifica habia preparado el terreno para la revolucion aramada.

Pero la lucha que del Pilar ha sostenido no es menos borrascosa, ni menos expuesta a peligros, era una lucha en que se necesitaba mucha paciencia, habilidad y sangre fria, mucho valor y sagacidad, mucho dominio de si mismo y mucho conocimiento del corazon humano.

Para comprender el gran papel que del Pilar ha tomado en los acontecimientos, era preciso evocar por entero el recuerdo de la pasada situacion.

Era la epoca en que reinaba el el mas odioso de los despotismos, el despotismo teocratico que estaba en manos de un poder unico, casi sin contrapeso, que no hay mas ley que su voluntad, sus caprichos y sus pasiones. A la frailocracia – como lo llamaba del Pilar – estaba entonces supeditado todo: los gobiernos, las familias, las riquezas privadas y publicas, las conciencias, las voluntades, los pensamientos, las vidas y las honoras. Si ninguna hoja se mueve sin la voluntad de Dios, ningun filipino se movia sin la voluntad, del fraile.

Y muchas generaciones han vivido y se han sucedido bajo aquel medio ambiente venenoso y asfixiante.

Con el ultimo tercio del siglo XIX, y como eco de aquel viento liberal que soplo en ambos continentes, a cuya virtud la Espana democratica hizo saltar del trono a Isabel II obligandola a cruzar las fronteras:

Garibaldi establecio la Unidad Italiana y la emancipo del poder temporal del Papa: Benito Zuarez fusilo en Quaretaro el emperador Maximiliano y reedificio la Republica Mexicana: Lincoln emancipo los esclavos mediante una guerra civil en Nortes America, y Thiers levanto la Republica Francesa sobre las ruinas del imperio y de la guerra franco-gremana; como eco, repito, de todos estos acontecimientos, la protesta contra las iniquidades del poderoso se inicio en Filipinas, siquiera desde el punto de vista del clero, en un principio. Burgos, Gomez y Zamora subieron al caldalso en 1872 y muchos sufrieron la amargura de la deportacion. Un gran lujo de poder y de fuerza desplegaron los frailes, contestando asi a la protesta. ¡Ah! Querian por medio de terror, sotocar aquel grito hostil.

Pero la ventasca liberal seguia preando las frentes y las almas...cuarto de siglo, en quietud aparente, periodo gestatorio y de silenciosa incubacion.

El que escribe estas lineas estuvo unido a Plaridel en intima amistad y con el comulgo en el altar de una misma idea, desde 1880. Era entonces un estudiante de segunda enseñanza, y aun se acuerda, como si fuese ayer, de aquellos dias lejanos en que se reunia con unos cuantos jovenes, tambien estudiantes, en una casa en Trozo que Marcelo solia frecuentar. Alli pasabamos la mayor parte dejaba libres, en conversacion agradabilisima e instructiva con nuestro futuro apostol. Este se complacia en inocular en nuestras virgenes inteligencias el germen de las nuevas ideas, en nuestros corazones el amor purisimo a la patria desgraciada. Le oiamos embelesados exponer impressiones y emitir juicios, con el atractivo y la magia de su lenguaje simpatico, sobre cosas y sucesos del dia o sobre otra cuestion cualquiera. De aquel modestisimo circulo de amigos, cuyo centro y alma era Marcelo, nacio la idea de organizarse para la protesta.

Ya se manifestaba el apostol y el propagandista entusiasta y sincero. Estudiaba con ahinco, con embebimiento, no solo en los libros, sino

tambien en los hombres y en las cosas, poniendo en juego su poderosa inteligencia y su voluntad de hierro.

Su voz tenia un poder sugestivo inecplicable, que penetraba suavemente y sin sentir el alma, una dulzura que persuadia y conquistaba corazones. Sus palabras, obedeciendo a una misma logica y un mismo criterio inflexible, adoptaba diferentes tonos, segun el grado de inteligencia, de instruccion y de susceptibilidades psiquicas del que le oia, y conforme a lo que su golpe de vista para conocer a los hombres, le sugiriera. Sus facciones de rasgos energicos se animaban impregnandose de uncion profetica; sus ojos adquirian el brillo de la clarividencia y el entusiasmo, y aquella frente ancha y magestuosa parecia rodearse de nimbos de inspiracion. De este modo, rompia e hielo de la indiferencia en unos djaba la atencion distraida es otros, aclaraba nociones obscuras en este resolvia una duda en aquel y conquistaba a todos; todo dentro del modesto circulo en que se agitaba entonces nuestro propagandista.

En aquellos dias del reinado de la maldad todo impulso generoso y toda manifestacion de ideas salvadoras, tenian que moverse en la obscuridad, para esquivar several represalias; asi, muy pocos seguramente se habrian apercibido de la labor silenciosa de nuestro llorado amigo.

No obstante, mercel al fervor y constancia de apostol que tenia Selong, como le llamabamos en confianza, su esfera de accion, muy modesta en un principio, fuese agrandando.

La protesta para ser mas eficaz necesitaba organizacion. Esta falto en la protesta del clero y por eso no tubo resultados. Selong, tomando lecciones de esta experiencia, organizo en el secreto – no podia ser de otro modo – la primera agrupacion politica que tuvo el pais.

Los sinsabores y disgustos que trae consigo esta clase de empresas, y mas especialmente en Filipinas bajo el reinado del despotismo teocratico, no arredraron a nuestro propagandista, y siguio adelante hasta donde podia

llegar. Una vez, en un choque que tuvo con el cura-parroco de Kiapo, con ocasión de apadrinar a un bautizando rubio que sufrir treinta días de cárcel en Bilibid: muchas veces se vio expuesto a ser deportado, pues estaba marcado con el estigma de filibustero y anti-español.

Y seguían menudeando los atroces y aumentando las víctimas. De estos, no todas se decían a pedir justicia; las muy contadas que lo hacían difficilmente encontraban abogados que aceptaran su defensa así todos tenían miedo de ponerse frente a frente al señor, cada vez más insolente y más hambriento de presas.

Del Pilar era una excepción; él nunca rehusaba defender al desgraciado asistido de razón que se le acercaba, sea cual fuere el poder y las influencias de la parte contraria. Rendía tanto culto a la justicia y al derecho, que por una y otra aceptaba el martirio. El defendió a algunos de los firmantes en aquella presentación de los principales de varios pueblos pidiendo la expulsión de los frailes, en 1888.

En este año, parte por la cruda persecución de que fue objeto, por su osadía en tomar la defensa de aquellos de manifestantes, y parte porque creía que la península era el terreno apropiado a su actitud, marchó a España, llegando a Barcelona el primero de Enero de 1889, después de una corta estancia en Hong-kong y Francia.

Jamás me olvidare de aquel día de año nuevo. En la noche anterior como de costumbre, nos habíamos reunido en fraternal banquete todos los filipinos que entonces vivíamos en la ciudad de los Condes, para despedir el año que festejaba y cambiar impresiones respecto a los sucesos relacionados a la patria que se desarrollaron durante el, y al propio tiempo para saludar al año naciente y formular nuevos proyectos y esperanzas para lo proveniente. Y aquella noche nuestra reunión revistió mayor solemnidad porque celebrábamos igualmente la fundación de una sociedad titulada “La Solidaridad, asociación mutua de filipinos” y entre las cartas de adhesión que se leyeron había dos muy interesantes de

Rizal dirigidas desde Londres, una alla asociacion y otra a la colonia en general. Rizal, dicho sea entre parentesis, acababa de hacernos una visita en persona, en aquel mismo me de Diciembre.

El banquete se celebro en la misma casa donde yo vivia con Graciano Lopez Jaena, Jose M. Panganiban, Ramon Riego de Dios, Damaso Ponce y Tomas Arejola, y ya eran muy avanzadas las horas del nuevo dia cuando Pablo Rianzares, Galicano Apacible, Fernando Canon, Santiago Icasiano y otros se separaron de nosotros. Nos habiamos, pues, recogido muy tarde, sin sospechar que a la mañana siguiente nos iba a despertar de nuestro sueño y sorprendernos muy gratamente con la llegada de un huesped tan acepto.

En Espana fue donde se desenvolvio Pilar de lleno. Libre de aquella losa de plomo que oprimia las frentes y los espiritus y fuera de aquella atmosfera asfixiante de Filipinas, Pilar pudo desarrollarse resueltamente, y su inteligencia se duplico en vigor y energia.

“La Solidaridad” que aparecio en Barcelona al siguiente mes de su llegada, “La Soberania Monacal en Filipinas” impreso en 1888, “La Frailocracia”, publicado en 1889 y varios folletitos en tagalog, unos en prosa y otros en verso, nos ofrecen pruebas concluyentes de su fuerza intelectual. En sus paginas esta toda la historia politica de nuestro biografiado, historia limpia, llena de toques viriles, abundante en lecciones y ejemplos.

Pocos meses despues, el Octubre siguiente, desde la ciudad Condal se traslado del Pilar a Madrid con el periodico, y en la Corte demostró nuevos alientos.

Rizal que trabajaba desde el extranjero y enviaba sus articulos a Barcelona primero y a Madrid despues, se traslado entonces en este ultimo punto y se puso con del Pilar al frente de la campana, Lopez Jaena

se quedo en Barcelona encargado de conquistar las simpatias y ayuda de los partidos politicos catalanes.

No cabe en los estrechos limites a que nos tenemos que ceñir historiar aquella campana en que Marcelo H. del Pilar desplego verdaderas dotes de politico sagaz y habil. Nos reservamos tratar algun dia este asunto con la extensior que requiere su importancia; hoy no nos es posible mas que dar ligeros toques.

En los escritos politicos de nuestro autor serve al hombre franco y sincero, que sabiendo sentir hondo y pensar alto, tiene el valor de decir lo que piensa y siente, por mas amargo que sea y pueda dar origen a persecusiones y disgustos. Marido la sinceridad con la politica, lo que no es cosa facil.

Como polemista era temido y respetado por sus mismos adversarios. Su divisa era “fortiter in re, suaviter in modo”. Decia las verdades mas amargas en un estilo correctisimo y culto; y aun en lo mas caluroso de la disputa no perdia el aplomo y hacia hablar la razon y la logica en su apropiado lenguaje, reposado, claro, con la fuerza de la conviccion exento por completo de sofismas.

Era “persona grata”, como se dila en lenguaje diplomatico. Su trato leal y su caracter abierto le conquistaron grandes simpatias en la sociedad y los circulos politicos de Madrid, donde tuvo muchos amigos. Por sus venas corria la sangre ilustre de los Gat, aquellos Gatmaitan que rigieron en tiempos ya remotos los destinos de los Bulacan; y educado por su tic, el escribano y poeta tagalog Alejo del Pilar, uno de los spiritus mas claros de su tiempo, y por su hermano mayor el P. Toribio que fue amigo intimo y companero de campana del P. Burgos y uno de los deportados a Marianas, en los sucesos de 1872, hubo de heredar de sus antepasados el caracter noble que ledistinguiera siempre.

Gracias a estos meritos y a una labor incesante, a pesar de su escasez de recursos, supo desiar en España el interes por la cuestion filipina. En ninguna otra epoca de la historia se hablo tanto de nuestro Archipelago, como entonces. y se manituvo este interes y fue subiendo de grado, hasta nuestra emancipacion de la antigua metropoli. Despues de la catastrofe que motivo la perdida para España de sus, ultimas colonias, aun se recuerda a Marcelo en aquella Corte, y en el Parlamento español alguno que otro diputado cita todavia su nombre, con el de Rizal, al hablar de Filipinas.

En cuestion de patriotismo no cedia a nadie; era de los que mas sacrificios ha hecho. Empezaba a adquirir nombre como abogado y su befete en Bulacan, su pueblo natal, daba muy buenos rendimientos con los que vivia muy holgadamente al lado de su esposa y sus dos hijas. Llego la hora de partir y lo abandono todo, familia, casa solariega, cariños y afecciones, consagrandose lleno a la causa de su patria y aceptando por ella las estrecheces y la miseria en paises estaños. ¡Que mas se puede pedir de un hombre!

Del Pilar era de los que no esperaban nunca la felicidad del pais de manos extrañas. Los derechos, as libertades, la dicha se conquistan, no se mendigan de nadie. En las especiales circunstancias en que entonces nos hallabamos habia que pedir, sin embargo, a la nacion soberana todo aquello que necetitaba el pais y le pertenecia de derecho, aun sin esperanzas de alcanzarlo; habia que hacer publicos los abusos aun sabiendo que no serian reparados; habia que demandar justicia aunque fuera para no obtenerla. Asi se ponía de manifiesto el desaire, se hacia ver al pueblo lo que era posible esperar de la metropoli; y el pueblo sabiendo asi a que atenerse, podria buscar en otra parte y por distintos medios la felicidad que la madre patria le negaba.

Tal fue, en sintesis, la obra de Marcelo Hilario del Pilar y tal era tambien la de Rizal.

A fines del año 1895 quedo suspendida la publicacion de “La Solidaridad”, considerandose terminada la mision en España del Pilar y sus compañeros; pues estaba suficientemente demostrada al pais la ineeficacia de la campaña pacifica y legal.

Esta iba a tomar otros derroteros y tocar; nuevos resortes. Del Pilar y el que escribe estas lineas se prepararon para dejar España en Febrero del año siguiente, 1896, para venir a Hongkong donde iba a celebrarse una convencion a la que scudirian miembros de la Junta de Propaganda establecida en Manila, aquella misma organizacion que vimos embrionaria en Trozo, y que en el transcurso del tiempo y segun las circunstancias, fue tomando diferentes formas. Esta agrupacion que ha atravesado grandes vicisitudes, en cuyo seno nguraron todos los desgraciados, los vejados, los de buena voluntad, los que amaban a la patria acongojada; esta agrupacion que se extendio por todo el Archipielago, era lo que inspiraba y daba la pauta a la campaña de Madrid, la cual habia puesto en practica la verdadera democracia, merced a este procedimiento. Era, pues, esta campaña la verdadera voz, la voluntad, el interprete de las aspiraciones y la representacion del pais.

Pero Marcelo, al cumplir su mision, agoto todas sus fuerzas. Aquellos siete años de labor ruda y continua llena de sinsabores, ansiedades y angustias, no pudieron menos de lesionar aquella naturaleza, fuerte y energica en los inicios de la brega. Y era porque Marcelo en el desempeño de su cometido se dio todo entero a ello y no vivia ni alentaba mas que para ello.

Yo fui testigo de sis largas noches de insomnio producido por el continuo juego y mocion de su espíritu, al rededor de las ideas y cuestiones del momento que solicitaban estudio y meditacion; y entonces, asi ahuyentado el sueño, se levantaba de la cama, en medio de la noches frias de invierno, y se ponía a trabajar en su escritorio, hasta que la claridad del dia viniera a anular la luz de su quinque.

Desde la primavera de 1895 empezo a sentirse enfermo; no hizo gran caso de ello y seguia trabajando con el mismo ahinco. Cuando en Febrero de 1896 nos traslamados a Barcelona para embarcamos, su mal tomo grandes proporciones en esta ciudad, en tales terminos, que tuvimos que suspender el viaje. El mal siguio tomando incremento, por lo mismo que en contro una naturaleza debilitada y rendida por el trabajo. El 4 de Julio de 1896, vísperas casi del grito de Balingtawak, a los 45 años de edad poco mas o menos, moria aquel gran hombre, con el nombre de la patria en los labios, muy lejos de ella, lejos de su familia y de su hogar, en brazos de los amigos que le quisieron con verdadero afecto de hijos, de hermanos, mas que eso, con el afecto y la veneracion que se siente en presencia de los hombres extraordinarios de quienes se espera la redencion de lo que nos es mas sagrado y querido.

En el cementerio del Este de Barcelona, sobre una colina que domina el Mediterraneo, cuyas espumosas aguas van a besar los sepulcros de tantos seres que fueron; en presencia en que la imaginacion contristada hacia flotar el espiritu de Dios: frente a frente a aquel lejano horizonte en que dejabamos vagar perdida nuestra vista y entre cuyas brumas, creiamos per cibir la silueta de la patria llorosa tomando parte en el duelo; con el ritmo de las olas por musica coreado por nuestros sollozos, con el cielo azul tendido sobre nuestras cabezas por palio, y a la sombra triste y fria de los sauces llorones, depositamos los restos de Marcelo del Pilar en panteon privado de una familia amiga.

Alli estan todavia, esperando que la patria, por quien sacrificara su existencia toda, los recoja y los calientes con los rayos del mismo sol que les infundio los primeros latidos de la vida.


*Plaridel*

Año II, Num. 35

30 Agosto 1908, Malolos

Gran parte de este articulo se publico en *El Renacimiento* del de 3 de Julio de 1903, pero ahora se publica revisado y aumentado grandemente por el autor D. M. Ponce, segun original suyo facilitado al Sr. Epifanio de los Santos, quien la ha puesto a nuestra disposicion para su publication.

# AKLAT PLARIDELINA



## MARCELO H. DEL PILAR

Ni Mariano Ponce



## TALIBA SA PAGLAYÀ

BÚHAY AT MGA AKDA  
NI MARCELO H. DEL PILAR


Ni Epifanio de los Santos



## VANGUARDIA POR LA LIBERTAD

VIDA Y ESCRITOS  
DE MARCELO H. DEL PILAR

por Epifanio de los Santos



## VANGUARD FOR FREEDOM

LIFE AND WRITINGS  
OF MARCELO H. DEL PILAR

By Epifanio de los Santos



## DASALAN, TUOKSOHAN, AT IBA PANG DAPAT IPAG-ALAB NG PUSO

Mga Akda sa Tagalog ni Marcelo H. del Pilar



## LIHAMAN NINA MARCELO & MARCIANA

Mga sulaat ni Marcelo H. del Pilar sa Tagalog





*La Solidaridad* ni Apolonio Bulaong sa Dambana ni Marcelo H. del Pilar (San Nicolas, Bulakan, Bulacan)



Ang PLARIDELINA ay itinataguyod ng iba't ibang pangkat pangkasaysayan at pangkultura sa Bulacan upang palakasin ang pag-alaala kay Marcelo H. del Pilar (MHP). Unang ginamit ni Mariano Ponce ang salitang “Plaridelina” sa ginawa niyang bibliograpiya o talaan ng mga akdang nasulat ni MHP.

Pangunahing layunin ng PLARIDELINA na pag-ibayuhin ang pag-aaral sa buhay at mga akda ni MHP sa pamamagitan ng pagtitipon ng kanyang mga inakda at muling paglalathala ng mga ito. Palalaganapin ang mga akda sa lahat ng paaralan sa lalawigan ng Bulacan bilang bahagi ng mga aklatan. Maghaharap din ng ordinansa sa Sangguniang Panlalawigan na hihimok sa lahat ng paaralan na patuloy na pag-aralan ang búhay at mga akda ni MHP. Magiging paksa sa Araling Panlipunan si MHP tuwing buwan ng Hulyo-Agosto sa mga paaralang elementarya at sekundary;a; sa mga kolehiyo at unibersidad, magkakaroon ng kursong siya ang tanging pinapaksa. Sisikaping makapagpasá ng batas sa Kongreso upang lalong maisulong ang PLARIDELINA.

*Los Cincos* ni Apolonio Bulaong sa Dambana ni Marcelo H. del Pilar (San Nicolas, Bulakan, Bulacan)

